# Pagpapatibaysa Imprastraktura

Ang pagpapatibay sa imprastraktura ay isang patuluyang pagpapahusay sa sistema ng imprastraktura at proseso ng pagpapalit upang mabawasan ang panganib na magkasunog dahil sa imprastraktura ng kuryente. Aabutin ng maraming taon ang mga pagpapahusay na ito bago maisatupad at naglalakip sa mga sumusunod na proyekto:

## Mga Nababalutang Conductor

Ang mga covered conductor ay mga kable na nababalutan ng mga patung-patong na mga pambalot na di-dinadaluyan ng kuryente bilang proteksiyon kahit madikitan habang may kuryente. Bagaman matagal nang ginagamit ang mga nakahantad na kable sa California bilang isang maaasahan, matipid na solusyon, patuloy na papalitan ng Liberty ang mga nakahantad na conductor ng mga nababalutang conductor sa mga lugar na malaki ang tiyansang magkasunog para mabawasan ang panganib na magkasunog sa kagubatan.

## Pagsubok at Pagpapalit ng mga Poste

Ang mga pumapalyang poste ay maaaring magbangon ng panganib sa kaligtasan, pagkamaaasahan, at magsimula ng sunog. Upang maiwasan ang pagpalya ng poste, pinabibilis ng Liberty ang patuluyang pagsubok at pagpapalit sa lahat ng mga poste.

## Pagpapalit ng mga Fuse

Ang mga pangkaraniwang fuse, kapag ginagamit, ay naglalabas ng mga maiinit na particle at gas, na maaaring magsimula ng sunog. Sa kabaligtaran, ang mga fuse na naglilimita sa daloy ng kuryente ay hindi naglalabas ng gayong mga materyales at nagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkamaaasahan. Upang mabawasan ang panganib na magkasunog, ipinapanukala ng Liberty na palitan ang mga pangkaraniwang fuse ng mga fuse na naglilimita sa daloy ng kuryente ang karamihan sa mga sistema nito sa mga sumusunod na taon.

## Pagpalit sa Brockway Substation

Ang Brockway Substation sa Kings Beach ay 60 taon na at gawa sa kahoy at lipas nang mga oil-circuit breaker. Hindi na ginagamit ang pasilidad na ito. Ang bagong New Kings Substation ay tapos na at pinalitan ang Brockway Substation.

## Pagbabaon sa Ilalim

Patuloy na nililipat ng Liberty ang mga bahagi ng pgrid ng kuryente sa ilalim ng lupa.

Liberty™

# Plano Para Makaiwas sa Sunog

## Ang Kailangan Mong Malaman

Ang Liberty ay gumagawa ng mga hakbang ng pag-iiingat upang maprotektahan ang komunidad mula sa mga sunog sa kagubatan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng epektibong plano para makaiwas sa sunog. Para manatiling nababalitaan sa mga pagpatay ng kuryente, pagkontrol sa mga halamanan, at mga pagpapahusay sa sistema, siguraduhing ang Liberty ay may pinakabagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan mo.

I- update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa

1-800-782-2506

LibertyUtilities.com

Enerhiya at tubig habang buhay

Ang Liberty ay gumagawa ng mga agresibong hakbang para mabawasan ang panganib ng sunog sa kagubatan sa komunidad na pinaglilingkuran namin.

Ang Lake Tahoe Basin at ang nakapalibot na kagubatan na nasa teritoryong binibigyang- serbisyo ng Liberty ay may malaking panganib na magkasunog. Ang tagtuyot at pamemeste ng mga bark beetle ay puminsala ng mga bahagi ng kagubatan. Ang mga napinsalang punong ito ay maaaring magpalala ng mga sunog.

Nagsatupad ang Liberty ng isang plano para makaiwas sa sunog na tumutugon sa lokal na mga bagay na maaaring magsapanganib ng ating lugar.

Maaaring magsimula ang isang sunog sa kagubatan mula sa napakaraming mga kadahilanan. Imposibleng tukuyin kung kailan o saan magsisimula ang isang sunog, ngunit dahil sa ilang mgabagay gaya ng nagbabagong klima, mga tuyong kagubatan at, malalakas na hangin ay naka-alerto ang malaking bahagi ng California.

Narito ang ilang mga hakbang na ginagawa ng Liberty upang bawasan ang panganib ng sunog sa kagubatan:

# Pagkontrol sa mga Halamanan

## Inspeksyon

Ipinapakalat ang mga tauhan ng Liberty sa lahat ng bahagi ng rehiyon buong taon upang inspeksyunin ang mga puno at ang mga mahalamang lugar malapit sa mga linya ng kuryente. Ang mga puno at sanga na napakalapit sa mga linya ng kuryente ay pinutulan o tinanggal para mabawasan ang panganib na magkasunog alinsunod sa mga batas ng estado.

Ang karamihan sa mga gawain ng pagkontrol sa mga puno at mahalamang lugar ay isinasagawa mula Mayo hanggang Oktubre, ngunit nagpapatuloy ito hanggang sa taglamig at maaaring maglakip sa mahirap na gawaing pagtanggal sa mga basura mula sa halamanan pagkatapos ng mga pagbagyo ng niyebe.

## Pagtanggal at Pagbibigay-abiso

Kapag ang mga puno ay kailangang putulan, ang mga tauhan ay tinatagubilinang tabasan ang mga sanga at dahon hanggang sa magkaroon ito ng sapat na distansiya mula sa mga linya ng kuryente. Maaari ring tanggalin ng mga tauhan ang punong patay na, pineste, o mahina na kung may posibilidad itong bumagsak sa mga linya ng kuryente.

Kung kailangang tanggalin ang mga puno, ang Liberty at ang mga kontratista nito ay magbibigay-abiso sa may-ari ng lupa bago magsimula.

Hindi kailanman dapat subukan ng mga kostumer na putulan nang sila-sila lang ang mga puno dahil sa panganib na madikit sa mga linya ng kuryente habang ginagawa ito.

Ang Liberty ay nag-aalok ng libreng pagtabas sa puno para sa mga customer na naniniwalang isang puno o sanga ay maaaring maging panganib sa kalapit ng imprastraktura ng kuryente. Kung makakita ka ng puno o sanga na sa tingin mo ay maaaring maging panganib, hilinging inspeksyunin ang puno sa LibertyUtilities.com o makipag-ugnayan sa pamamagitan ng alinmang paraan sa ibaba.

Tawagan ang: 530-546-1787
Mag-email sa: CAtree@libertyutilities.com
Bumisita sa: www.libertyutilities.com/cavegetation/

# Public Safety Power Shutoff

Ang isang Public Safety Power Shutoff (PSPS) ay ang proseso kung saan maagap na pinapatay ng isang nagbibigay serbisyo sa kuryente ang kuryente sa ilang mga lugar kapag ang kalagayan ng panahon ay nagdudulot ng malaking panganib ng sunog. Ang pagsasagawa ng isang PSPS, na nagiging mas madalas, ay sinusuportahan ng Estado ng California.

## Mga Kalagayan ng Panahon at Kapaligiran

Ang Liberty ay nagpakalat ng mga istasyon sa pagbabantay sa panahon sa buong lokal na lugar ng serbisyo at nakikipagtulungan sa mga eksperto sa lagay ng sunog, National Weather Service, at sa mga lokal na opisyales sa sunog para bantayan ang lokal na lagay ng panahon.

### BATAYAN NG PUBLIC SAFETY POWER SHUTOFF

Kahit walang tiyak na magiging dahilan ng isang Public Safety Power Shutoff, ang ilan sa mga maaaring maging dahilan ay naglalakip sa:

- ✔ MGA BABALA
- ✔ MABABANG LEBEL NG
- ✔ HALUMIGMIG MGA TUYONG
- ✔ KALAGAYAN MALALAKAS NA
- ✔ HANGIN AT PAGBUGSO

## Abiso

Sa pagkakataong posibleng magkaroon ng PSPS, ang Liberty ay magbibigay-alam sa mga kostumer, lokal na pamahalaan, at mga ahensiya ng kaligtasan tungkol sa potensyal na pangangailangang patayin ang kuryente at patuloy na magbibigay balita sa komunidad habang nagbabago ang kalagayan ng panahon. Hinihikayat ang mga customer na i- follow ang Liberty sa Twitter (@LibertyUtil_CA) at Facebook (@LibertyUtilitiesLT) upang makatanggap ng napapanahong mga balita tungkol sa mga pagkawala ng ` kuryente, planado man o hindi.